GSMA

# Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills



Copyright © 2024 GSM Association

# Module 12: Mobile Money

**Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet**


Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

## Ano ito?


Magpakita ng simpleng mobile phone na may serbisyo ng mobile money. Tiyaking bukas ang menu na nagpapakita ng mga pangunahing function.

**Ipaliwanag:** "Ang mobile money ay isang paraan para magpadala ng pera sa ibang tao gamit ang mobile phone mo."

## Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Mobile phone




Mga poster ng Mobile Money

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

**Ipaliwanag:**

"Ang isang mobile money account ay parang pagkakaroon ng wallet sa phone mo. Gamit ang mobile money, maaari kang magpadala at tumanggap ng pera mula sa mga tao at magbayad gamit lamang ang phone mo – nang walang bank account! Depende sa mobile money provider mo, maaari ka ring gumawa ng maraming iba pang bagay tulad ng pagbabayad ng mga bayarin mo tulad ng bayarin sa paaralan, pagbili ng mga produkto kahit saan, at mag-ipon o humiram ng pera."

**Ibahagi** ang sarili mong mga halimbawa sa trainee tungkol sa mga benepisyo ng mobile money at kung paano mo ito personal na ginagamit.

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

**Gawin itong makabuluhan** sa trainee sa pamamagitan ng pagtalakay kung paano ito maaaring maging kapakipakinabang sa sariling buhay ng trainee. Isaalang-alang ang mga halimbawa na tugma o kapaki-pakinabang sa sumusunod na klase ng trainees na makikilahok sa inyong sesyon:

**Matatanda:** Tumanggap o magpadala ng pera sa pamilya na nakatira sa malayo o magbayad ng mga bayarin tulad ng kuryente mula sa iyong tahanan para hindi mo na kailangang bumiyahe; mabawasan ang panganib ng pag-iipon o pagdadala ng malaking halaga ng pera.

**Ina o maybahay:** Magbayad ng mga bayarin sa paaralan kahit nasaan; mas ligtas na makaipon ng pera para sa hinaharap na mga pangangailangan o gawain ng pamilya; makakuha ng access sa mga pautang para sa mga pangangailangan ng pamilya; madaling makatanggap ng pera mula sa isang taong malayo; mabawasan ang panganib ng pagdadala ng malaking halaga ng pera.


**May-ari ng negosyo:** Magbayad sa mga supplier o empleyado at madaling makatanggap ng mga bayad mula sa mga customer nang hindi nagdadala ng pera; makakuha ng access sa mga pautang para sa negosyo mo.

**Magsasaka o mga tao sa kanayunan:** Magbayad para sa mga gamit sa pagsasaka o tumanggap ng mga bayad para sa mga produkto kahit saan; bawasan ang panganib ng pagdadala ng malaking halaga ng pera kapag nakikipagkita sa mga mamimili.

**Kabataan:** Magbayad ng mga bayarin sa unibersidad o bumili ng mga produkto o serbisyo kahit saan; kumita ng interes sa ipon mo.

## Paano ito gumagana?

### Ipahawak ang smartphone sa mga trainee at tulungan silang sundan ang mga hakbang.




**Ipakita ang poster na ‘Pagpapadala ng pera sa isang kaibigan gamit ang phone mo.’**

**Ipakita** kung paano makapagpadala ng pera ang trainee sa isang kaibigan gamit ang mga hakbang sa poster.

“Ipapakita ko sa inyo ngayon kung paano ka makapagpapadala ng pera sa isang kaibigan gamit ang smartphone mo.”

“Kung gusto mong totoong magpadala ng pera gamit ang account mo, magagawa natin ito. O kung wala kang pera sa mobile money account mo o ayaw mong ipadala ito ngayon, maipapakita ko kung paano ito gawin para magawa mo ito sa susunod na pagkakataon.”

- Magbibigay ng iilang mga numero ang mobile operator mo para magamit ang kanilang mobile money service. Tulad nito: *123#. I-type ito at pindutin ang button na ginagamit sa pagtawag.
- Makakikita ka ng listahan ng pagpipilian sa screen (hal. 1,2,3,4,5). Kailangan mong piliin ang maglipat/magpadala ng pera. Karaniwang 1 ang numero nito (sa itaas). Pindutin ang 1 sa keypad ng phone mo at pagkatapos pindutin ang Piliin/OK.
- I-type ang phone number ng iyong kaibigan o kamag-anak na gusto mong padalhan ng pera. Pindutin ang Piliin/OK.
- Ngayon i-type ang halaga ng pera na gusto mong ipadala sa iyong kaibigan o kamag-anak (hal. 100). Pindutin ang Piliin/OK.
- I-type ang iyong personal na PIN. Isa itong espesyal na numero na pipiliin mo at ikaw lang ang makaaalam. Nakatutulong ito na protektahan ang account mo. Pumili ng PIN na mahirap mahulaan. Pindutin ang Piliin/OK.
- Panghuli, kailangan mong pindutin ang 1 para kumpirmahin na gusto mong ipadala ang perang ito. Pindutin ang Piliin/OK. Binabati kita. Nakapagpadala ka na ng pera sa iyong kaibigan o kamag-anak.

**Tip:** Sa simula ng training sesyon, tingnan kung sino ang mayroon ng mobile money account. Kung may mga trainee na walang mobile money account, turuan sila ng proseso ng pagpaparehistro (tingnan ang seksyong ‘Masinsinan’ para sa mga detalye).


**Tip:** Kung ayaw ng trainee na magpadala ng pera, ipakita sa kanila kung paano ito gawin nang hindi totoong nagpapadala ng pera.

## Magsanay!

**"Ngayong nakita na natin kung paano magpadala ng pera gamit ang mobile money, kanino ka maaaring magpadala ng pera?"**

**Trainer:** Hayaan ang trainee na gawin ang proseso ng pagpapadala ng pera sa isang tao nang mag-isa. Kung kailangan nila ng tulong sa anomang yugto, tulungan sila.

## Kaligtasan



**Ipakita ang poster ng 'Importanteng tips para manatiling ligtas online.'**

"Tandaan na ang iyong PIN ay sarili mong personal na numero. Mahalagang mapanatili mo itong ligtas dahil ginagamit mo ito para ma-access ang iyong account. Mag-ingat sa pagbabahagi ng numerong ito sa sinuman, kahit na sa mga mobile money agent o customer care staff, sa personal man, sa pamamagitan ng SMS o internet."

"Huwag magpadala ng pera sa isang taong hindi mo kilala o pinagkakatiwalaan, o isang taong nakilala mo lang online. Baka may makipag-ugnayan sayo na mga tao na humihiling na magpadala sa kanila ng pera. Huwag magpadala ng pera sa kanila dahil baka scam ito."

# Mga Poster at Mga Cut-Out

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

# Importanteng tips para manatiling ligtas online

**Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.**

## Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo

Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.

## Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online

Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.

## Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password

Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.

## Huwag magdulot ng pinsala sa iba online

Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.


## Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko

Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.

## Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo


Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.

# Mga Gastos sa Data




Mobile Money

# Pagpapadala ng pera sa kaibigan gamit ang phone mo




Mobile Money

# Pagbabayad ng bill gamit ang phone mo




Mobile Money


# Ano ang mobile money?




**Para kang may wallet sa phone mo.**



**Maaaring magdeposito at mag-withdraw ng pera mula sa mobile money account mo sa iyong agent.**



**Maaari kang magpadala ng pera sa ibang tao, magbayad ng mga bill, magbayad para sa mga produkto.**



**Ang iyong PIN number ay ang paraan na magagamit mo ang account mo.**

Mobile Money

# Pagpaparehistro para sa mobile money account



Kailangan mo ng SIM card mula sa mobile operator mo. Irerehistro ka ng iyong mobile money agent para sa mobile money.



Para magparehistro para sa mobile money, kailangan mo ng patunay ng pagkakakilanlan.



Pumunta sa agent mo sa tuwing kailangan mong magdeposito o mag-withdraw ng pera mula sa account mo.



Kapag nakumpleto na ang mga hakbang na ito maaari mo nang simulan ang paggamit ng mobile money account mo!

Mobile Money

# Ano ang maaari mong gawin gamit ang mobile money

**Magpadala ng pera sa mga kaibigan o pamilya**

**Makatanggap ng pera mula sa mga kaibigan o pamilya**

**Magbayad ng mga bill o mga bayarin sa paaralan**

**Bumili ng airtime load para sa iyo o sa ibang tao**

**Magpadala at tumanggap ng pera mula sa mga kaibigan at pamilya sa ibang mga bansa**

**Magbayad para sa mga produkto at serbisyo**

**Kumita ng interes sa ipon mo**


**Umutang**

Mobile Money

# Pananatilihing ligtas gamit ang mobile money



## Mensahe



## PIN



## Phone



## Mga Agent

Mobile Money

# 5 pangunahing bagay na dapat malaman tungkol sa mobile money

**Pagpaparehistro ng account**

**Mobile number**

**Mobile money account**

**Mobile money agent**

**PIN number**